

# Dream 1

“Yung totoo? Timang ka ba? Wait. Huwag mong sagutin ‘yan. Timang ka nga.”

“Puwede ba? Just shut up. Nadi-distract ako, eh,” sagot ko habang nakaupo pa rin sa bubong ng kotse ni Clover at nakamasid sa paligid gamit ang aking ever so reliable na binoculars.

“Kung nadi-distract ka, aba, bumaba ka na kaya at nang makalayas na ako?”

Ibinaba ko ang binoculars at tinaasan siya ng kilay. “Don’t worry. Kapag na-sight ko na siya, ako mismo ang magpapalayas sa ‘yong alipin ka,” sabi ko.

Tumawa siya nang sarcastic. “OMG. So, ako pa ngayon ang alipin? FYI, Chrysanthemum, between the two of us, ‘di hamak na mas angkat ako kaysa sa ‘yo.”

“Whatever. Saksak mo sa bunganga mo ang yamang ipinaglalaman mo. Bilhan pa kita ng pustisong ginto, eh,” maarte kong sabi.

“You! How dare you!? Baba!”

“Ang arte mo!” sigaw ko sa kanya. “Ang arte-arte ng kapangi—OMG! I sighted him na!”

“Ha? Nasaan?” natatarantang sigaw ni Clover.

“Paparating na! Dali, Beki! Lumayas ka na!”

“Eh, paano ako lalayas, nakatuntong ka sa kotse ko!?”

Ay. Oo nga, ano? “Tulungan mo akong bumaba! Bilis!”

Siyempre, tinulungan niya akong bumaba mula sa roof ng kotse niya, ‘di ba? Alipin ko kasi siya. Ipinanganak siya para

pagsilbihan ako kahit na mas matanda siya sa akin. Noong nakababa na ako, dali-dali ko siyang itinulak papasok ng kotse.

“Bilis, layas na! Baka abutan ka pa niya rito!”

“Fine!” asar niyang sigaw sa akin at pinaharurot ang bulok niyang sasakyan. Ang dami niya pang reklamo, suwerte nga siya kasi tumuntong pa ako sa kotse niyang old na.

Noong nakaalis na si Clover, agad akong umupo sa sidewalk. Medyo eew, pero... sige, kaya ko ito. Uupo lang naman ako, right? Wait. Magpo-pose ba ako? Anong pose ang gagawin ko? Paano ba ang pose ng damsel in distress?

Bahala na nga! Kahit ano lang ang pose bago pa ako ma-stress! Paparating na ang prinsipeng nakasakay sa...

“Oh, MG!” sigaw ko noong may sunod-sunod na sasakyang nagsidaan at tinalsikan ako ng putik! “Ang wedding dress, este, uniform ko!”

No way. This is not happening! This is really not happening! Papalapit na ang kotse niya tapos madadatnan niya akong... *taong putik!?* No! Kailangan kong magtago! Kailangan kong...

“Chrysa?”

Saglit akong natigilan. Ang boses na iyon... OMG, ang boses na iyon! Nakilala ng boses na iyon ang diyosang naging taong putik ngayong mga sandaling ito!

Agad ko siyang hinarap at siyempre, mawawala ba naman ang poise ko kahit na I’m covered with putik? Siyempre, hindi, right? So, may nalalaman pa akong pangiti-ngiti at pag-ipit ng strand of hair ko sa likod ng ear ko.

“Caleb!” masiglang bati ko. “You’re here!”

Tumaas ang dalawang kilay niya. “At ano’ng kalokohan na naman ba ito, ha, Chrysa?” tanong niya at pagkatapos ay napabuntong-hininga siya. “Bakit puro ka... putik ba ‘yan?”

Ay, hindi, hindi! Miracle mud ito, pampa-diyosa!

Malamang putik! “I was... I was nagtatanim! You know, I’m an

environmentalist!” paliwanag ko.

Umiling siya. “Ako ba, Chrysa, pinaglololoko mo? May nakikita ka bang mapagtataniman sa gitna ng kalsada? Magsabi ka nga ng totoo,” sabi niya, “sumubsob ka sa daan, ano?”

“Of course, not! I’m not stupid!” depensa ko.

He shook his guwapong head again and lumapit sa akin. Napaatras ako. OMG. Ito na ba? So, magpo-propose na siya? Pero I look like taong putik! “Wait!” sabi ko habang nakataas pa ang dalawang hands.

“Bakit?”

“As in ngayon na, Caleb?”

“Anong ngayon na?”

“Ngayon ka magpo-propose? OMG, hindi ako ready!”

Blangko akong tiningnan ni Caleb hanggang sa nagsalita ulit siya. “Ano’ng pinagsasabi mo? Nahihibang ka na ba?” tanong niya. Kumuha siya ng panyo mula sa bulsa niyang cute.

Teka. Ay? Panyo? Bakit panyo at hindi singsing!?

Nagulat ako noong pinunasan niya ang mukha ko gamit ang panyo. “Sa dinami-dami naman, putik pa. May ilog naman, bakit ka pa sa putik lumangoy?” umiiling niyang tanong.

Leche. Okay na, eh! Okay na sana, dinagdagan pa ng ganoon! I mean, nakakalangoy pala sa putik?

Ngumuso ako. Naman. Akala ko talaga, magpo-propose na siya sa akin. Siyempre, nananaginip lang ako, right? Meron namang ganoon—’yung nananaginip nang gising.

“Cheh,” masungit kong sabi.

“Pumasok ka na sa loob ng kotse,” sabi niya.

Naman! Iyon lang!? As in wala man lang promises and vows na maglalakbay kami together forever? I mean, totoong may forever! At kami iyon!

He snapped his fingers in front of my pretty face. “Narinig mo ba ako, ha, Chrysa? Kung tapos ka nang mangarap nang

gising, pumasok ka na sa loob,” sabi ni Caleb habang nakatango sa loob ng kotse niya.

Grr. This is not what I planned! Ang plano ko, aabutan niya ako sa road tapos mari-realize niya na fated kami sa isa’t-isa kasi nga bigla-bigla kaming nagtagpo sa daan kahit na pinlano ko iyon!

I crossed my arms habang nakanguso at nakatingin nang diretso, samantalang siya ay deadma lang na nagmamaneho hanggang sa makarating kami sa Unibersidad de Barrio Belleza. Padabog na nag-walk out ang beauty ko at hinanap si Clover na natagpuan ko namang nakikipaglandian sa mga Art models namin.

“Hoy!” tawag ko.

“Ay, taong putik!” gulat na sigaw ni Clover. Dali-daling nagsilayo ang mga Art models namin at pinagtinginan naman ako ng mga lecheng kaklase ko.

“Clover! Do something!” reklamo ko.

“Ay, ano’ng gagawin ko diyan? Gagawin kitang monumento ng putik?”

“Clover! Naman, eh! Just take this putik away from me!”

“Excuse me, Chrysa, pero uso ang maligo, in case hindi alam ng kakarampot mong brain cells ‘yun,” maarte niyang sagot.

Padabog akong nag-exit from our classroom at pumunta sa locker ko para kunin ang spare clothes kong naroon. Pagkatapos ay dumiretso ako sa shower room para mag-rebirth. PESTE. Nasira na naman ang diskarte ko. Magmumukha na ngang listahan ng jueteng ang yellow paper kong punong-puno ng diskarte. Tapos ganoon lang iyon? As in... wala man lang ka-sweet sweet niya akong isinabay sa kotse niya? Ni hindi man lang siya concerned!

“At bakit naman kasi siya magiging concerned sa ‘yo?’”

maarteng tanong ni Clover noong nagreklamo ako sa kanya.

“Siyempre! Childhood sweethearts kaya kami!”

Hinampas niya ako ng paintbrush sa ulo. “Timang. Childhood acquaintances, hindi sweethearts. Ang taas pa ng araw, nananaginip ka na.”

“Ganoon na rin ‘yun!” depensa ko habang nagdo-drawing ng lecheng male part na nasa pagitan ng legs ng model namin. “Ano ba ‘to? Bakit tumatabingi?” Tumingin ako sa model. “Hoy, ‘wag mo ngang igalaw ‘yang sandata mo!”

“Hindi siya gumagalaw! Timang ka lang talaga!” sigaw ni Clover sa akin.

May umubo mula sa harapan. Patay. Tinitingnan na kami nang masama ng aming magaling na maestro.

“Kung tapos na kayo sa pagsisigawan, Mister Cheng and Miss Cheng, maaari niyo nang tapusin ang ginagawa niyo,” masungit niyang sabi.

“Ikaw kasi!” bulong ko kay Clover.

“Sino kaya ang naunang sumigaw!?” asar niyang tanong sa akin. “Puwede ba? Tigilan mo na ‘yang pagpapapansin mo kay Caleb dahil kahit ano’ng gawin mo, hindi ka niya papansinin kasi hindi ka niya type! Isa pa, manhid iyon. Alam na ng buong unibersidad na patay na patay ka sa kanya, pero siya, my gosh! Walang kaalam-alam!”

Inirapan ko na lang siya at nagpatuloy sa ginagawa ko. Nanliit ang mga mata ko at muli akong napanguso. Noong natapos na ang klase namin, agad akong pumunta sa rooftop. Kailangan kong manumpa! Wala sa dugo ko ang sumusuko! Mapapasaakin din balang araw ang Caleb ko!

“Caleb Zhu!” sigaw ko. “Maghintay ka lang!”

Ngingiti na dapat ako nang malapad noong biglang may nagsalita sa likuran ko.

“Ingay.”



Agad kong tiningnan ang may-ari ng isinumpang boses na iyon. Malamang alam ko kung sino'ng nagmamay-ari ng boses na 'yun, right? Sa pangit ba naman. At sa ganda kong ito. At siyempre walang konek 'yun, pero pangit talaga siya. "Pakialam mo ba?" I asked, flipping my hair.

"Sa 'yo, wala. Sa noise pollution, meron. Kung magsisisigaw ka rin lang, doon ka sa bundok nang wala kang naaabalang natutulog."

Sinugod ko siya. "Sino ba'ng nagsabing matulog ka here!?"

"Wala. At wala ring nagsabing mag-ingay ka rito."

"Kung naiingayan ka, 'di lumayas ka!"

"Ba't ako ang lalayas, teritoryo ko 'to? Ikaw ang lumayas."

OMG, nag-apoy na ako sa inis! "Ikaw! Huwag mo na ngang dagdagan ang bad trip ko!"

"Pakialam ko ba sa bad trip mo? Umalis ka kung naba-bad trip ka."

"Ikaw ang umalis!"

Inis siyang tumayo at tumalikod. "Bahala ka na nga. Ingay mo."

"Leche kang—"

Muli niya akong hinarap. "Kababaeng tao, napakalutong magmura. Kaya 'di ka pinapansin ni Caleb, eh."

I blinked. OMG, that was so sapul! "Hoy, Calyx Zhu, ano ba'ng problema mo, ha!?"

"Wala. Ikaw meron. Sa utak," sabi niya.

Bago pa man din ako nakapagsalita ay tinalikuran niya na ako. Naikuyom ko ang kamay ko sa inis.

'Yung totoo!/? Kambal ba talaga sila!/? Bakit tao 'yung isa, halimaw naman 'yung isa!/?

# Dream 2

“So mataas daw ang blood pressure mo? Arte mo kasi,”  
Sumiirap na sabi ni Clover sa akin noong pumasok siya sa loob ng kuwarto kong kulay rainbow.

“Tigilan mo nga ako, Clover! Nakitang bad trip, eh!”

“Pakialam ko ba sa bad trip mo?”

“Leche! Don’t say that to me! May naaalala ako!”

Inirapan niya ako. “Alam mo, Chrysa? Ang arte mo talaga. Nakakarindi ka.”

“Mas nakakarindi ka! Bakla!”

“Ano’ng problema natin sa kasarian ko?” mataray niyang tanong. “Huwag kang bitter kung mas mukha akong tao kaysa sa ‘yo.”

“Tao ka naman talaga. Ako, diyosa,” I said confidently.

He shook his head. “I’m sure noong ipinanganak tayo, nagkapalit kayo ng tunay kong kakambal.”

“Siguro nga. Kasi ako lang ang mukhang diyosa sa pamilya.”

Tumawa siya. At tumawa pa. “Alam mo, hindi ka talaga papansinin ni Caleb niyan.”

“Pinapansin niya ako!” depensa ko.

Nagkibit-balikat siya. “Manners. Just manners.”

Ngumuso ako. “Not just manners!” I protested.

“Just manners,” he snapped. “My gosh, Chrysa, uso talaga ang salamin, promise. Bigyan mo naman ng kaunting silbi ‘yang mga salamin mong kulay rainbow, ha?”

“Ano’ng kinalaman ng mga salamin kong mas maganda pa kaysa sa ‘yo?”

Inirapan niya ako. “Seriously? Bar topnotcher si Daddy. Magna Cum Laude naman si Mommy. Henyo naman ako. Eh, bakit wala kang brains?”

What!?! Agad ko siyang sinugod at pinaghahampas. “Ang mean mo! Ang mean, mean mo porke’t genius ka at above-average lang ako!”

“Excuse me?” nakataas-kilay niyang tanong habang sinasalo ang mga hampas ko. “Above-average? FYI, Chrysanthemum Cheng, *below-average* kaya ang result ng IQ test mo.”

“Kasalanan ko ba kung tanga ‘yung gumawa ng exam!?” I screamed.

“Chrysa, hindi tanga ‘yung gumawa ng exams. Kapos ka lang talaga sa brain cells,” natatawang sabi niya. “Kaya if I were you, tigilan mo na ‘yang si Caleb, ha? Langit siya, impiyerno ka.”

“Grabe, impiyerno agad!?! ‘Di ba puwedeng lupa muna!?”

“Mas below-below ka pa doon,” umiirap niyang sabi.

“I hate you, Clover!” I shouted at him.

“Likewise, pero ano’ng magagawa ko? Kakambal kita, so I pity you,” he said with halatang false pity. I hate him sagad. Bakit ba kasi dito pa ako ipinanganak sa pamilyang lagpas hanggang ozone layer ang IQ!?! Ako lang ang naiiba at unfair iyon! Ni hindi man lang ba nila ako ginising noong nagsaboy ng katalinuhan ang langit!?

Umupo ako sa kama at ngumuso habang nakatitig sa kulay rainbow kong salamin.

“Alam mo, kahit pahabain mo ‘yang nguso mo, hindi dadami ang brain cells mo,” maarteng sabi ni Clover.

“Saksak mo sa baga mo ang brain cells mo! Fine, ako na ang may fewer brain cells, pero ‘di hamak na sa akin napunta ang lahat ng kagandahan!”

“Kagandahan. Meron ka palang ganoon?”



“Clover! Lumayas ka nga sa—”

“Nakikita mo ‘yang kulay rainbow mong salamin? Tingnan mo nga ang sarili mo diyan.”

Tumayo ako. “Oh, ano’ng meron sa akin? Bukod sa—”

“Bukod sa pandak at chubby ka? Maarte at maldita ka pa. Oh, not to mention na ang lutong mong magmura at ang lakas ng boses mong parang may megaphone.”

“Sinasagad mo na ang panlalait mo, Clover, ha!” sigaw ko. Agad niyang inilayo ang tenga niya sa akin. “See? See?”

“Leche,” sabi ko. “So kasalanan na ba’ng maging petite at cute?”

“Hindi ka petite. Hindi ka rin cute. Tandaan mo, magkaiba ang siopao regular sa siopao special.” “So siopao regular ako?”

“Tanga, siyempre, hindi. Siopao special ka kasi mas malaki iyon. Ano ba ‘yan, Chrysa? Siopao regular at special na nga lang, ‘di mo pa alam ang difference!”

“Gago ka pala, ginawa mo pa akong pagkain!”

“Point is, mukha kang human siopao. Pasalamat ka na lang at maputi ka, kung hindi... ewan. Iisipin ko na talagang nagkapalit kayo ng tunay kong kakambal.”

Padabog akong umupo sa kama ko. Leche. Sanay na sanay naman akong nilalait nang ganito ni Clover kasi kahit na nilalait niya ako, siya pa rin naman ang gumagawa ng assignments ko. Pero, leche, tagos hanggang sa sinapupunan ko ‘yung panlalait niya!

“Basta! Maganda ako, period!” confident kong sabi.

“Ah, oo nga pala. In fairness, kahit mukha kang siopao at kinapos sa brain cells, sagad pa rin ang confidence mo.”

Inirapan ko siya. “Whatever. Umuwi na ba si Caleb?”

Inirapan niya rin ako. “At bakit ako ang tinatanong mo?”

“Malay ko ba kung nakita mo siyang dumaan pauwi, ‘di ba?”

“FYI, hindi ako kasing-timang mo na walang ibang hobby kundi abangan si Caleb diyan sa balkonahe mong cheap. At puwede ba, Chrysa, papinturahan mo nga ulit ‘yang balkonahe mo nang maayos?”

“Ano’ng problema natin sa kulay rainbow?” nakataas-kilay kong tanong.

Napapikit siya. “I’m so suko na. Diyan ka na nga. Pumunta lang naman ako here to tell you na magdi-dinner out sina Daddy at Mommy. Day-off nina Manang Celia, so ako lang ang kasama mo ngayon.”

“Oh, so? Pakialam ko sa ‘yo? Natatakot kang umihi mag-isa?”

“Gaga ka ba? Wait, gaga ka nga pala. Hindi ako natatakot, timang. And if you keep bitching on me, I won’t be nice enough to ask what you want for dinner,” umiirap niyang sabi.

“Huh, ‘wag mo nga akong daanin sa pa-English mo diyan.”

“Kasi? You’re nosebleeding na? Whatever. Oh, ano na?”

“Anong ano na?”

“Ano’ng gusto mong dinner at magpapa-deliver ako?” iritadong tanong niya.

“Puwedeng si Caleb na lang?” I asked hopefully.

Napapikit siya. “Shrek,” he snapped. “Huwag kang magrereklamo sa oorderin ko. Diyan ka na nga!”

Agad siyang lumayas sa kulay rainbow kong room. Arte niya. Tinanong niya ako, sinagot ko lang ang tanong niya. Ano’ng problema doon?

Agad kong kinuha ang telepono ko at tinawagan si Caleb. Siyempre naman alam ko ang number niya, right? Maganda kasi ako, so nagkakandarapa siyang ibigay sa akin ang number niya. Pero siyempre, sa panaginip ko lang ‘yun. In reality, kinulit ko siya.

“Hello?”

“Caleb! You need to see me? I need to see you, too! May emergency!”

Emergency naman ‘yung gusto siyang makita ng ovaries, este puso ko, right?

“Chrysa—”

“OMG, I understand! I totally understand, Caleb. You want me to go there? Wait lang, lilipad ako! Wait lang! Huwag kang gagalaw diyan! I have an emergency, too!”

“Chrysa—”

“Heto na, heto na, palabas na ako ng kulay rainbow kong room,” nagmamadaling sabi ko at agad akong lumipad papunta sa front door ng bahay namin. Madilim na sa labas, pero para saan pa’t naging maputi ako? I’m sure madali akong makikita ni Caleb sa dilim.

“Chrysa, ano ba? Nasa—”

“Nasa labas na ako! Buksan mo na ‘yung gate!”

“Huh? Nasa labas ka ng...? Teka, nasaan ka ba?”

“Nasa labas ng gate niyo!”

“Chrysa, nasa unibersidad ako.”

Kumurap ako. “Unibersidad? Eh, sino ‘yung dumating kanina at nag-park sa—”

Bumukas ang gate at bumungad sa akin ang pangit na pagmumukha ni Calyx.

“Si Calyx yata ‘yan, Chrysa. Hello? Hello, Chrysa?”

Tiningnan namin ni Calyx nang masama ang isa’t-isa.

“Ikaw na naman?” asar niyang tanong. Inirapan ko siya.

“Hindi ikaw ang ipinunta ko here, FYI.”

Nagkibit-balikat siya at isasara na dapat niya ang gate noong bigla ko iyong hinarang gamit ang paa ko. “Wait lang!”

“Ano?”

“Papasukin mo nga ako! Wala ka talagang manners!”

“Bakit kita papapasukin? Dito ka ba nakatira?”

“Pakialam mo ba?”

“Pakialam ko? Malamang kasi bahay ko ‘to. Tanga lang?”

“Hoy! Huwag mo nga akong matawag-tawag na tanga!”

Bumuntong-hininga siya. “Ano ba’ng kailangan mo?”

“Si Caleb, malamang.”

“Wala siya rito.”

“Oo, alam kong wala siya rito. Kausap ko nga sa—oh, no! Caleb? Caleb?” tanong ko sa telepono. Leche, naputol ‘yung tawag! Kasalanan ng halimaw na Calyx na ‘to! I so hate him sagad!

Umiling si Calyx. “Ano, tapos ka na bang gumawa ng eksena diyan at isasara ko na ang gate?”

“Papasukin mo nga sabi ako!”

“Bakit nga?” iritadong tanong niya.

“Pupunta ako sa room ni Caleb at hihintayin ko siyang dumating.”

Tumaas ang dalawang kilay niya. “At bakit sa kuwarto niya pa? Ang weird mo,” iritadong sabi niya. “Stalker.”

“Hoy! Kapag maganda, admirer at hindi stalker!”

“Maganda ka ba?”

“Wow, nagsalita ang guwapo! Guwapong-guwapo naman ako sa ‘yo, Calyx! Gosh, kinikilig ang ovaries ko, sagad!”

“Ayusin mo nga ‘yang pananalita mo. Para kang hindi babae.”

“Pakialam mo ba sa pananalita ko? Papasukin mo na kasi ako’t nilalamok na ako!”

“Pakialam ko ba kung nilalamok ka?”

Napanganga ako at agad niyang isinara ang pintuan ng gate. Leche! Leche talaga! Kung hindi lang siya kakambal

ng pinakamamahal kong si Caleb Zhu, matagal ko na siyang sinunog nang buhay!

Padabog na dapat akong aalis noong biglang bumukas ulit ang gate. Agad akong bumalik doon.

“Ano, ano? Papapasukin mo na ako?” excited kong tanong. Umiling siya at may inabot na bote sa akin.

“Ano ‘to?”

“Mosquito spray. Baka lalo kang pumangit kapag kinagat ng lamok ‘yang mukha mong siopao.”

Muli akong napanganga at agad isinara ni Calyx ang gate sa harapan ko.

Oh. MG. Nakakagigil!

Kung ano’ng kinakilig ko kay Caleb, ganoon naman ka-intense ang pagbaliktad ng sikmura ko sa kakambal niya!

*May araw ka rin sa akin, Calyx Zhu. I swear, luluhod ka sa harapan ko someday.*



“WHAT!?” sigaw ko at agad lumagpas ang pintura. Imbes na ilong ay naging kulangot ang kalalabasan ng painting ko, pero care ko? Si Caleb ang pinag-uusapan here! “Saan mo nabalitaan ‘yan!?”

“Uso ang social media,” umiirap na sabi ng kambal kong walang kuwenta habang nagpapatuloy sa pagpinta.

“Bakit hindi ko nakita sa newsfeed ko, eh, I’m following him kaya!”

“Baka naka-block ka.”

“Clover!” I wailed. “Tell me everything!”

“I already told you everything. May crush si Caleb.”

“As in, ‘yun lang? Hindi sinabing Chrysanthemum Cheng ang pangalan?” tanong ko. Tiningnan niya ako na para bang galing ako sa Jupiter.

“Kung nagpapatawa ka, forget it. Hindi ako natatawa.”

“Hindi ako nagpapatawa!” sigaw ko sa kanya.

Inirapan niya ako. “Bakit ba ako ang hina-harass mo? Itanong mo kaya sa kanya.”

“OMG, OMG, I can’t believe it! He’s going to make us official na!” excited kong sabi.

“Uso talaga ang mga asumerá’t pantasera.”

“Panta—what? Ano ‘yun?”

“Hindi ako mahilig mag-explain sa mga slow,” umiirap niyang sabi.

“Ano na kasi ang tungkol doon sa crush na sinasabi mo!?” asar kong tanong.

“Tall, fit, slim, slender, long-haired, graceful. Running for Magna Cum Laude.”

Agad kaming napatingin ni Clover sa nagsalitang pangit.

“Kinakausap ka?” tanong ko kay Calyx.

“Sinasabi ko lang ang mga gusto mong malaman kaya imbes na mambara ka, magpasalamat ka na lang,” sabi niya.

“Gustong malaman? Do you mean to say that—”

“He just described Caleb’s crush. Tall, fit, slim, slender, long-haired, graceful. Running for Magna Cum Laude. Hear that, Chrysa? Meaning, hindi ikaw ‘yun.”

I looked at them in horror. Ano’ng sabi nila?

*Not me? No! No! No! Cannot be!*

# Dream

## 3

“Bakit ba ako ang kasama mo ngayon?” asar na tanong ni Caleb sa akin.

“Kung makareklamo ka, ‘kala mo naman, gusto kitang makasama? FYI, wala lang akong choice, ‘no!’”

“Bakit ako ang isinama mo?”

“Kasi ikaw lang ang kilala kong nakakakilala sa sinasabi mong crush ni Caleb!”

“O, tapos?”

“I need to see her! ASAP!”

“Kasi?”

“Ano ba? Slow ka ba or what?”

“Ako pa ang sinabihan mong slow?”

“Nagtatanong ka pa kasi!”

Umiling siya. “Parang timang.”

Inirapan ko siya. “Whatever. Tara na kasi!” nagmamadaling sabi ko habang hatak-hatak si Calyx sa kamay.

“Ano ba, Chrysanthemum? Bitawan mo nga ako,” reklamo niya.

“Ang bagal mo kasing maglakad!”

“Ikaw na nga itong sinamahan, ikaw pa ang may ganang mag-inarte.”

“Ang daldal mo!”

Tiningnan niya ako nang matalim. Grabe talaga ‘tong hayop na ‘to! Kung makatingin siya, akala naman niya, ang dugyot-dugyot ko samantalang mas mabango nga ako sa kanya ng tatlong paligo.

“Make it quick, Chrysanthemum,” iritadong sabi niya.

“Tulungan mo na kasi akong maghanap!”

Bumuntong-hininga siya. “Sa laki ng unibersidad, sa tingin mo ba ay makikita natin ang hinahanap mo?”

Kumurap ako. “Oo nga, ano? Ba’t ‘di ko naisip ‘yun?”

“Kailan ka ba nag-isip?”

“Ang salbahe mo talagang lala—”

“Chrysa?”

Agad lumingon ang cute kong pagkatao noong narinig ko ang pamilyar na boses na ‘yun. Sabi ko na! Soulmates talaga kami!

“Caleb! I was just about to look for—sino siya?” I asked, pointing at the girl next to him. Tiningnan ko si Girl mula head hanggang kuko niya sa feet.

Siniko ako ni Calyx. “Manners,” he snapped quietly.

“Hi,” nakangiting bati ng babaeng ang lakas ng loob na tumayo sa tabi ng crush ko.

“Chrysa, si Colleen,” biglang sabi ni Caleb. “Colleen, si Chrysa—”

“Sweetheart niya,” pagtatapos ko.

Kumurap si Caleb. “Huh?”

“Sweetheart?” nagtatakang tanong ni Colleen.

Biglang inilagay ni Calyx ang kamay niya sa ulunan ko at tinapik iyon. “Pasensiya na, lutang lang ‘tong batang ‘to,” sabi niya kay Colleen.

Asar akong napatingin sa kanya. Bakit umeepal ito!? At lutang? Ako, lutang? Kung palutangin ko kaya siya sa Dead Sea!?

Tumawa nang mahina si Caleb samantalang ngumiti naman si Colleen. “Nice to meet you, Chrysa,” sabi niya sa akin habang nakikipag-kamay.

I wrinkled my nose. Muli naman akong siniko ni Calyx.



“Manners,” he snapped again quietly.

Ngumuso ako at pilit na nakipagkamay. Oh, no. I need to apply disinfectant sa skin ko later.

“Nakakatuwa naman itong kaibigan mo, Caleb,” sabi ni Colleen.

“Ganyan talaga ‘yang batang ‘yan,” Caleb replied, smiling at her.

I gritted my teeth. Bata? Sino’ng bata!? I was about to say something when Calyx suddenly grabbed my arm. “Tara na, Chrysanthemum.”

Grr, ang epal niya ever! Nakita nang moment namin ni Caleb ito, eh! Kung merong dapat na umalis, sila ni Colleen ‘yun! “Teka lang,” protesta ko.

Tumingin si Caleb sa akin. “Bakit nga pala kayo nandito? Kanina pa ang uwian, ah?”

Bumuntong-hininga si Calyx. “Itong batang ‘to kasi, sinusumpong ng—”

“Caleb, uwi na tayo,” maktol ko habang ipinupulupot sa braso niya ang kamay ko.

“Mamaya pa ako uuwi, Chrysa. Ihahatid ko muna si Colleen,” sabi niya.

Wait. Ano raw? Medyo nag-slow ang processing ng brain cells ko.

Ihahatid niya raw si... Colleen? At bakit niya ihahatid si Colleen, eh, nandito naman ako!?

“Why? Hindi ba siya marunong umuwi mag-isa?” tanong ko habang nakanguso.

Tumawa nang mahina si Caleb at pinitik nang mahina ang noo ko. “Ang kulit mo talaga, Chrysa,” sabi niya. Tumingin siya kay Colleen. “Tara, ihahatid na kita.”

“Naku, ‘wag na, Caleb. Sumabay ka na lang sa kapatid mo at

kay Chrysa,” nakangiting sabi ni Colleen.

“Oo, Caleb, sumabay ka na lang sa akin,” sabi ko naman.

Narining kong bumuntong-hininga at umiling si Calyx.

Tumingin si Caleb sa kanya. “Ano?” tanong ni Calyx.

“Puwede mo bang ihatid si Chrysa pauwi?”

Kumurap ako. Bakit ang halimaw na ‘to ang maghahatid sa akin pauwi!? “Caleb! Ayokong kasama si Calyx!” I wailed.

“Aba, para namang gusto kitang kasama,” sagot naman ng gagong kanina ko pa gustong ipa-salvage sa sobrang epal.

Napakamot ng ulo ni Caleb at tumingin kay Colleen.

“Ayos lang ba kung ihahatid muna natin si Chrysa sa kanila? Sinusumpong yata.”

“Sige, Caleb, okay lang. Pero hindi mo naman ako kailangang ihatid,” protesta ni Colleen.

Ngumuso ako. Ang OA naman ng peg nila! Bakit ba naglalandian pa sila sa hatid-hatid na ‘yan, ako nga ang dapat ihatid ni Caleb!

Biglang napamura nang mahina ‘yung halimaw na kanina pa tahimik. “Ako na nga’ng bahala sa batang ‘to,” asar niyang sabi. Kumurap ako. Ano raw? Bago pa ako nakapag-react, hinatak niya ako at kinaladkad papalayo.

“Ano ba, Calyx!?! Bakit ba umeepal ka sa amin ni Caleb!?” sigaw ko habang kinakaladkad niya ako. Iyan ang hirap sa pandak (okay, fine, inaamin ko nang pandak ako), nakakaladkad agad-agad ng mga biniyayaan ng height.

“One, you’re being a brat again. Two, it’s not Calyx. It’s *Kuya Calyx*. Three, it’s not Caleb. It’s *Kuya Caleb*. Mind your manners, Chrysanthemum,” he snapped coldly at me.

“Kuya your face! You’re not my brother!” I said.

“So what? We’re still two years older than you, so you better address us properly.”

Leche. “Puwede ba!? Huwag mo nga akong lecturan!”

“Brat,” he snapped and looked at me. “Can’t you see you’re disturbing him and Colleen?”

I folded my arms. “Sino ba kasi ‘yung Colleen na ‘yun?’”

“His dream girl.”



“Alam kong uso ang mga OA ngayon, pero hindi ko lubos akalaing merong sagad na OA na nakatira sa pamamahay na ‘to,” maarteng sabi ni Clover habang iniirapan ako.

Suminghot ako. “I hate you sagad, Clover! You’re supposed to be consoling your twin sister!”

“Consoling? Bakit? May namatay ba?”

“Gago! Wala! Ay, meron pala. ‘Yung heart ko! Clover, ‘yung heart ko, sumalangit!” hagulgol ko.

“Tanga, kung sumalangit ‘yan, ‘di ka na nakakapagsalita ngayon. Lecheng buhay, ba’t ba ako binigyan ng ganito katangang kakambal?” he wailed.

“I’m not tanga! Nagmamahal lang!”

“Mahal? Like, seriously, Chrysa? Mahal?” he asked sarcastically.

“I love Caleb Zhu!” I screamed at him.

“Gaga, alam mo ba kung ano’ng ibig sabihin ng salitang mahal?” he snapped at me.

“Oo! Love!”

Clover wailed. “Ayoko na! Ayoko na talaga! Hindi ko na kayang sakyan ang katangahan mo! Mommy!” sigaw niya.

“Mommy!” I screamed, too. Pero malamang namang hindi sumagot si Mommy dahil nasa ibang bansa siya. Instead, nagsulputan ang mga kasambahay namin at natatarantang tinanong kung napaano kaming dalawa ni Clover.

“Never mind,” biglang sabi ni Clover. “I’m stressed! I’m

really stressed! Ikuha niyo ng personal yaya si Chrysa! Ayoko nang bantayan ang babaeng ‘yan!”

“Pero, Young Master Clover, kabilin-bilinan po ni Madam, bantayan niyo raw ang kakambal niyo,” sabi ni Manang Celia.

Ngumuso ako at agad na tumabi kay Clover. “Don’t leave me here alone!” sabi ko habang nakakapit sa braso niya.

Bumuntong-hininga siya at tumango sa mga kasambahay namin. Iniwan na nila kami sa sala habang nakanguso pa rin ako.

“Puwede ba? Kahit humaba nga ‘yang nguso mo, hindi ka matitipuhan ni Caleb,” iritadong sabi ni Clover.

“I really don’t see kung ano’ng nagustuhan niya sa Colleen na ‘yun!”

My twin raised his brow. “Colleen? Colleen Palma? ‘Yung Campus Queen ng Unibersidad de Barrio Belleza?”

I blinked. “Campus Queen? May ganoon?”

“Oo, may ganoon. At kung siya nga ang tinutukoy mo, utang na loob, Chrysa, ‘wag ka nang umasa kahit slight na magugustuhan ka ni Caleb.”

“At bakit!?”

“Narinig mo ba ang sinabi ko? Colleen Palma. Campus Queen. Kung ganoon kataas ang taste ni Caleb, my gosh, Chrysa, walang panama ang hitsura mo sa kuko ni Colleen.”

“OMG, ang mean mo! You’re supposed to be supporting your twin sister!”

“I’m supposed to be opening your eyes to reality,” he snapped. “Ano ka ba? Hindi mo ba talaga kilala si Colleen Palma?”

“Hindi nga sabi!”

Huminga siya nang malalim. “Junior. BS Psychology. Running for Magna Cum Laude. Valedictorian noong high

school. Beauty queen. Cheerleader. Volleyball player. Magaling kumanta at sumayaw. Stage performer. Now, tell me, ano'ng laban mo doon?"

Kumurap ako. Natigilan ako, pero saglit lang 'yun. Alangang forever, eh, walang forever except sa amin ni Caleb? "Arts!" sigaw ko.

"Huh?"

"Sa dinami-dami mong sinabi tungkol sa kanya, wala kang sinabing magaling siya sa Arts! So iyon ang panlaban ko!" proud at confident kong sabi. Umabot hanggang batok ang ngiti ko. Panlaban? Sus, 'yun lang pala! Eh, 'di Arts!

Kumurap si Clover at umiling. "Minsan, Chrysa, hindi ko talaga alam kung makakabuti o makakasama sa 'yo 'yang confidence mong sagad at abot hanggang planet Venus."

I held my chin up. "Bakit ba? At least may panlaban ako sa kanya! Ay, wait, meron pa pala!"

"Ano 'yun?"

"Sabay kaming lumaki ni Caleb!"

"Hindi panlaban 'yun, timang."

"Anong hindi!?! Panlaban 'yun! Sabay kaming lumaki! He practically took care of me all my life and—"

"Exactly. He practically took care of you all your life because he is supposed to be your *kuya*."

"He's not my brother!" I screamed. "Hindi kami magkadugo!"

"Hindi nga, pero parang ganoon na rin 'yun. Chrysa, ano ba? You're delusional. Akala mo lang love mo siya. Oh, sure, love mo siya, pero bilang kuya 'yun," Clover said.

"May kuya na ako! Bakla nga lang," I snapped.

Tinaasan niya ako ng kilay. "Ano ulit ang problema natin sa kasarian ko?"

Ngumuso ako. “Ah, basta! Si Caleb ang soulmate ko at ako ang soulmate niya! Period!

Colleen Palma? Dream girl niya? Huh.

Hanggang dream girl lang siya. Ako, soulmate. ‘Di hamak na mas lamang ang soulmate kaysa sa dream girl.

Fine, it’s normal to get attracted to a girl like her. She’s just his dream girl.

Right.

Just his dream girl.

# Dream 4

“S eriously, Chrysa?” iritadong tanong ni Clover habang pinipigilan akong magpunta sa gym.

“Seryoso nga ako!”

“No way. Utang na loob, naiintindihan mo ba kung ano’ng sinasabi mo? Wait, alam mo ba kung ano’ng ibig sabihin ng cheerdancer?”

“Oo naman! Nagchi-cheer habang sumasayaw!”

“Iyon nga! Sumasayaw! At parehong kaliwa ang paa mo! Ano ba naman ‘yan, Chrysanthemum!? Umayos ka nga!”

Malapit na kami sa gym. Lumapad ang ngiti ko at tumingin ako kay Clover na kanina pa napa-paranoid. “Maayos ako! Ikaw ang hindi!” asar kong sabi habang hinihila naman niya ako papalayo sa gym.

“Chrysa!” reklamo niya. “Kung wala kang pakialam sa kahihyan mo, puwes, ‘yung kahihyan ko na lang ang isipin mo!”

Namaywang ako. “At ano ba’ng nakakahiya sa gagawin ko, ha? Magta-try-out lang naman ako! Ano’ng masama doon?”

“Ano’ng masama doon? Hindi ka nga marunong sumayaw!”

“Marunong naman akong mag-cheer! Saka malakas ang boses ko kaya asset ‘yun!” masiglang sabi ko habang papasok ng gym. Hindi na ako napigilan ni Clover. Bakit naman kasi niya ako pipigilan pa, magta-tryout lang naman ako para sumali sa cheerdance and pep squad?

Maraming tao sa loob ng gym. Pati ang players ng iba’t-ibang sports teams, nandoon din. Malamang para panuorin ako,

right? Siyempre. Ako lang naman ang magbibigay liwanag at buhay sa cheerdance and pep squad. Malamang kalat na kalat na sa buong campus na magta-tryout ako so, malamang inaabangan nila ako. I'm so popular kaya.

Kumembot ako papunta sa committee na nasa gitna ng gym. Nawala 'yung ngiti ko noong nakita ko 'yung Colleen Palma na nakaupo sa gitna ng committee.

"Ano'ng ginagawa mo here?" tanong ko. Medyo nagulat siya, pero malamang nagulat 'yun sa sobrang amazing ko. Biniyayaan siyang makakita ng isang diyosa, eh. Sino'ng hindi magugulat?

"Chrysa, ikaw pala," nakangiting bati niya.

"Oo, ako nga. So bakit ka nandito?" tanong ko.

Nagbulungan ang mga katabi niya, pero ngumiti naman itong si Colleen. "Isa ako sa mga magju-judge para sa mga candidates to be members ng cheerdance and pep squad," sagot niya.

"Siya lang naman ang head judge," biglang sabi ng katabi niyang I'm sure best friend ni Barney kasi nakasuot ng kulay violet tapos pati kolerete niya sa mukha ay kulay violet. Nahiya pa siya. 'Di na lang pati 'yung mata niya ginawa niyang violet. At ang taray, ha, tiningnan niya ako from my goddess head to my perfect feet.

"You talking to me?" tanong ko.

Colleen cleared her throat. "Magta-tryout ka ba, Chrysa?" tanong niya.

"Obvious ba? Kaya nga ako nandito," I answered.

"Aba't ang maldita pala ng freshman na 'to, ah?" sabi ni Violet Girl at tiningnan ako nang masama. Tatayo na dapat siya, pero pinigilan siya ni Colleen. Oh, right, dapat lang naman siyang pigilan kasi kung hindi, OMG lang, baka masyadong mahalatang naiinggit siya sa kagandahan ko.



May iniabot na papel si Colleen sa akin. “Please fillout this application form and submit it to me when you’re done, ha?” nakangiting sabi niya.

Nagkibit-balikat ako. After getting the paper, nilapitan ko si Clover na nasa bleachers at nakikipaglandian sa mga basketball players.

Speaking of basketball players, nasaan si Crush!?

“Clover! Pakisulat nga ‘yung details ko there,” utos ko.

“At bakit ako ang magsusulat diyan? Sa ‘kin ba ‘yan?”  
mataray niyang tanong.

“Hahanapin ko pa kasi si Caleb!”

“For what?”

“Naman! First ever performance ko here sa gym, so dapat nandito siya!”

“Performance talaga? Performance o kahihyan?”

Hinampas ko siya. “Ano ba!? You promised you’d be supportive!” I wailed.

“Fine, fine! Kung ‘di lang talaga kita kapatid—”

“Bilis na, Clover!” reklamo ko.

Habang nagfi-fill-out si Clover ay rumampa ako sa gym habang hinahanap si Caleb. Dinig na dinig ko ang bulungan ng mga chakito at chakita everywhere. Naman, ang hirap maging sikat, swear.

“Siya ‘yun, ‘di ba?”

“Seriously? Magta-tryout ‘yan? Sa taba niyang ‘yan?”

“Baka mag-bounce lang siya sa floor.”

“Okay lang ‘yung tumalbog, kung gumulong ‘yan?”

Lumipad hanggang Venus ang kilay ko. Wow, ha. Agad kong nilingon ang grupo ng mga chakitas na narinig kong pinagdidiskitahan ang sexy body ko.

“Ano’ng problema natin sa sexy body ko?” tanong ko.

Kumurap sila. “Wala naman. Nagulat lang naman kami kasi magta-tryout ka,” sabi ni Girl na mukhang inidoro.

“OMG, nagulat ka?” I asked, pretending to look shocked. “Ako nga nagulat noong narinig ko kayong nagsasalita.”

“Huh?” sabay-sabay nilang tanong.

“Well, I didn’t expect to hear bulates talking kasi,” I said, flipping my hair. Inirapan ko sila at bago pa man din sila nakapagsalita ay tumalikod na ako. Eew, worms.

Muli ko silang tiningnan at binelatan, pero pagharap ko sa dinadaan ko, tumama ang cute kong noo sa isang matigas na bagay.

Kumurap ako. OMG! “Caleb! I knew it!” masiglang sabi ko until I realized na... “Oh, shit. Why are you here?”

Tinaasan ako ni Calyx ng kilay. “Pakialam mo ba? Puwede ba, matuto ka ngang tumingin sa dinadaan mo, Batang Mataba,” masungit niyang sabi.

Napanganga ako. What did he just call me!? “Hoy! Sinong batang mataba ang—”

“Ikaw. Ba’t ka ba nandito? Bawal ang bata rito.”

“FYI, just in case hindi alam ng utak mong pang-ipis, I’m not a kid. I’m already seventeen years of beauty—”

“Beauty? Baka age. Ayusin mo nga ‘yang pananalita mo. Ikaw ang napaghahalatang utak ipis.”

Muling napanganga ang perfect jaw ko. Sa sobrang asar ko ay sinipa ko siya sa tuhod. “Ipis!” I said, sticking my tongue out bago nilagpasan siya. Leche, panira ng mood!

“Chrysa?”

Hindi ko pinansin. Pagkatapos niya akong laitin, tatawagin niya ako? Pakialam ko ba sa... wait.

*Chrysa?*

OMG, hindi ako tinatawag ni Calyx na Chrysa! Agad

lumingon ang beautiful being ko and before I knew it, sumulpot sa harapan ko si Caleb.

“Caleb! You came just in time!”

Kumurap siya. “Ba’t nandito ka? At ba’t bad trip si Calyx? Nag-away na naman ba kayo?”

I looked at him innocently. “Never kong inaway ‘yang kakambal mo, ha,” I said. Sa hindi naman talaga ako ang nagsimula! Kaya hindi ako ang nang-away kundi siya!

Ngumiti si Caleb at kinurot ang pisngi ko. OMG, sabi ko na! In love talaga sa akin ‘tong taong ‘to! “Ang kulit mo talaga. Nandito ka ba para manood ng tryouts?”

“Hindi, ‘no! Magta-tryout ako!”

He blinked. Instantly, his expression changed. “Chrysa, cheerdance ito,” he said.

“Oo nga!”

“Baka madisgrasya ka habang—”

“Hayaan mo siya. Tatal gusto niyang magpasikat.”

Nilingon ko ang ipis na nagsalita. “Ba’t ba nangingialam ka, ha!?”

Ngumisi si Calyx at tumango kay Caleb. “Hinahanap ka ni Coach.”

Kumunot ang noo ni Caleb at tumingin sa akin. “Chrysa, ha, ‘wag mong itutuloy ‘yang binabalak mo. Baka mapaano ka lang.”

“I’ll be okay and—” “Oy, hinahanap ka na nga ni Coach. Bilisan mong pumunta roon,” iritadong sabi ni Calyx. “Hayaan mo na ‘yang batang ‘yan. Nagpapapansin lang ‘yan.”

Bumuntong-hininga si Caleb. “Bantayan mong mabuti ‘yan, ‘Tol.”

Asar siyang tiningnan ni Calyx. “Ba’t ako?”

“Basta bantayan mo at siguraduhin mong hindi ‘yan sasali sa tryouts. Kapag ‘yan nadisgrasya—”

“Takte, oo na! Bilisan mo na doon!” asar na sabi ni Calyx sa kanya.

Noong umalis na si Caleb, gigil kong kinurot sa braso si Calyx. “Hoy, Calyx! Ang epal mong ipis ka!”

“At ang papansin mong baboy ka. Umuwi ka na nga.”

OMG, he just called me baboy! I gritted my teeth at him, pero before ako nag-walkout, sinipa ko ulit siya sa tuhod.

Padabog akong bumalik sa kinaroroonan ni Clover.

“Kuya,” malambing kong sabi.

Agad siyang napatingin sa akin. “Hoy, kung ano man ‘yang kailangan mo kaya mo ako tinatawag ng ganyan—”

“Do something para makapasok ako sa cheerdance and pepsquad,” gigil kong sabi.

“Okay ka lang? Mamanipulahin ko ang results?”

“Hindi. Iimpluwensiyahan mo lang. Sige na, Clo—I mean, Kuya. Tatal ikaw naman ang president ng Student Government,” maktol ko habang hinihila-hila ang damit niya.

Napasabunot siya sa sarili niyang hair. “I’m really going crazy na talaga sa sobrang konsumisyon sa ‘yo, Chrysanthemum!”

“Please na kasi, Kuya,” malambing kong sabi.

“Bahala na!”

Umabot hanggang magkabilang dulo ng gym ang ngiti kong cute. Bahala na daw, meaning, oo ‘yan. Ang ganda ko talaga.

“Nasaan na ‘yung application ko?” kumekembot kong tanong. Bumuntong-hininga si Clover at ibinigay sa akin ang papel. Dali-dali ko naman iyong inabot kay Colleen.

“Sige, Chrysa, tatawagin ka na lang namin kapag turn mo na. Malapit nang magsimula ang tryouts,” nakangiting sabi niya.

Ngumuso ako. Ano ba ‘yan, ang hilig naman ngumiti. Bumalik na ako sa tabi ni Clover. Ilang sandali lang ay nagsimula

na ang tryouts.

Napakurap ako noong nakita ko ‘yung ginawa ng mga candidates. OMG, like... what the hell? As in... tumutuwad sila at gumugulong-gulong at tuma-tumbling-tumbling pa!

And shit, gaano kataas ‘yung talon ng isang babaeng iyon? Baka kapag tumalon ako, mahulog ang palda ko!

“Chrysa? Chrysa!”

Agad akong tumingin kay Clover. “Clover! Ano’ng gagawin ko!? Hindi ako marunong niyan!”

He looked at me exasperatedly. “Kanina ko pa nga sinasabi sa ‘yo ‘yan, ‘di ba!”

“Clover! Help me! Mapapahiya ako nang bongga kapag tumambling ako!”

“Try mong gumulong-gulong na lang para kunwari gumulong ‘yung siopao.”

“Clover! Ayoko ng ganoon!”

“Oh, ‘di mag-split ka.”

Kumurap ako. Split? Hmm. Not a bad idea. “Bet!” masiglang sabi ko.

“Chrysanthemum Cheng,” biglang tawag ni Colleen.

Agad akong tumayo at rumampa sa gitna ng gym. Ang daming nagbulungan, so kinawayan ko sila. Shucks, ang dami ko kaagad fans!

Nag-curtsy ako at nag-blow ng flying kiss. Pagkatapos ay pumosisyon na ako para mag-split.

Teka... paano nga pala ‘yung split? Ibubuka ko lang naman ‘yung legs ko, right?

Ay, mali. Hindi yata ganoon. I stretched my lower body and got in the lunge position. I put one foot forward and bent my knee. Inilagay ko ang isang paa ko sa likod at dahan-dahang...

May tumunog sa bandang puwet ko. Bago ko pa man din na-

process kung ano'ng nangyari ay may sumigaw na sa audience.  
“OMG, napunit ang palda niya!”

“Anong—”

I didn't even finish my sentence when I realized what happened. Ang masaklap pa, hindi nga pala ako naka-shorts!

I glanced at the audience in horror. My eyes landed on Calyx. He was mouthing something. Something like... rainbow.

Nanlaki ang mata ko.

OMG!

The audience just caught a glimpse of my rainbow-colored panty!

*Laslas, Chrysa. Laslas.*